SO WHAT

- Bakit sa palagay mo ay nag-aalala masyado ang Diyos sa pagkalinga sa pinakamaliit? Papaano natin mababago ang pagtingin natin sa nakakaliit?
- Ano ang pagkakaiba ng pagtanaw sa isang pangangailangan at sa paggawa ng paraan para rito? Bakit hindi sapat ang makita lang natin ang pangangailangan?
- Bakit mahirap na magpakita ng pagkaawa sa mga naiiba sa atin? Papaano nagpakita ng pagkaawa si Jesus sa mga naiiba sa Kanya (hal., ang Samaritanong babae, ang babaeng nahuli sa pangangalunya, at ang may kapansanan)?

NOW WHAT

- Sino ang mapapakitaan mo ng pagkaawa ngayong linggo? Papaano mo kaya maipapakita ang pagmamahal ni Kristo?
- Papaano ka lalago sa iyong pang-unawa at pagpapahalaga para sa pagmamahal ng Diyos para sa'yo ngayong linggo?
- Papaano ka mamumuhay upang bigyang-karangalan ang Diyos at balang araw ay makakatanggap ng pagpupuri Niya?

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa pagmamahal Niya sa atin—tayong mga nangangailangan, mga 'di karapat-dapat, at ligaw kung wala Siya. Pasalamatan Siya sa Kanyang pagkaawa, habag, kabutihan, at pagmamahal.
- Manalangin na mamuhay ka upang bigyang-karangalan at kaluwalhatian ang Diyos at na maipakita mo ang pagkaawa ni Kristo sa marami.
- Ipagdasal ang iyong pamilya at mga kaibigan na hindi pa nakakakilala kay Jesus. Manalig sa Diyos para sa kanilang kaligtasan at para sa mga pagkakataong makapagbahagi ng ebanghelyo sa kanila, kahit ngayong linggo.

VICTORY

Karapatang Pag-aari © 2014
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

WEEK 2 FILIPINO

Kumakalinga Kami



NOTES

CONNECT

- Palakaibigan ka ba? Bakit o bakit hindi?
- Mayroon ka bang pinagdaanan na hindi kanais-nais na sitwasyon kamakailan lang? Anong nangyari?
- Sino ang pinakamabait na tao na kilala mo? Gunitain ang isang pangyayari at ipaliwanag ito.

WORD

37 "Sasagot ang mga matuwid, 'Panginoon, kailan po namin kayo nakitang nagutom at aming pinakain, o nauhaw at aming pinainom? 38 Kailan namin kayo nakitang naging dayuhan at aming pinatuloy o walang maisuot at aming binihisan? 39 Kailan namin kayo nakitang may sakit o nasa kulungan at aming binisita? 40 At sasagot ako bilang Hari, 'Sinasabi ko sa inyo ang totoo, nang ginawa n'yo ito sa pinakahamak kong mga kapatid, para na rin n'yo itong ginawa sa akin.'" MATEO 25:37-40

WHAT

Tinuturo sa atin ni Jesus na ipakita ang awa maging sa mga kapatid na mababa ang katayuan. Naging halimbawa Siya noon dito sa lupa, at ipinakita Niya ang Kanyang awa at pagmamahal sa pamamagitan ng Kanyang pagkamatay sa krus at pagligtas sa atin mula sa kasalanan. Itong pag-ibig na ipinakita Niya ang nag-uudyok sa atin na kumilos ng may awa. Sa aralin na ito, may tatlong grupo na maaaring pakitaan ang awa tulad ng mga mahihirap at mga nangangailangan, mga hindi kakilala at mga 'di karapat-dapat, at mga naliligaw ang landas.

1 Magpakita ng pagkaawa at pakikiramay sa mga mahihirap at nangangailangan.

"'Sapagkat nang nagutom ako ay pinakain n'yo ako, at nang nauhaw ako ay pinainom ninyo. . . .'" MATEO 25:35

Ang umaapi sa mahirap ay humahamak sa Manlilikha, ngunit ang naaawa sa mga dukha ay nagpaparangal sa Diyos. KAWIKAAN 14:31

Isang paraan ng pagpaparangal sa Diyos ay ang pagiging mabuti sa mahihirap. Sinabi ni Jesus na ang tumugon sa mga pangangailangan ng pinakamaliit ay parang paggawa na rin nito sa Kanya. Gayunman, kahit na mas madaling bigyang-pansin ang ating mga pangangailangan at kalimutan ang mga kaganapan sa ating paligid, mas maginhawa, at mas madali, dapat gawin natin yung mas mahirap, hindi lang yung madali at maginhawa subalit maging ang mangalaga sa mahihirap at mga nangangailangan. Sino ang mahihirap at mga nangangailangan sa ating paligid na maaari nating pakitaan ng pagkalinga?

2 Magpakita ng awa sa mga estranghero at 'di karapat-dapat.

35 "'. . . Nang naging dayuhan ako ay pinatuloy n'yo ako sa inyong tahanan, 36 at nang wala akong maisuot ay binihisan n'yo. Nang may sakit ako ay inalagaan ninyo, at nang nasa kulungan ako ay binisita ninyo.'"
MATEO 25:35,36

33 "Pero may isang Samaritanong naglalakad na napadaan doon. Nakita niya ang taong nakahandusay at naawa siya. 34 Nilapitan niya ang lalaki, hinugasan ng alak ang sugat, binuhusan ng langis at saka binendahan. Pagkatapos, isinakay niya ang tao sa sinasakyan niyang hayop, dinala sa bahay-panuluyan at inalagaan doon. LUCAS 10:33,34
(BASAHIN DIN ANG LUCAS 10:30-37.)

Ibinahagi ni Jesus ang talinhaga ng Mabuting Samaritano upang ipakita sa atin kung papaanong mahalin ang ating kapwa. Maaari nating ipakita ang ating awa sa iba galing sa pagmamahal na ating tinanggap mula sa Diyos. At ang ibig sabihin nito ay hindi natin mapipili kung sino ang nais nating kaawaan. Bilang mga tagasunod ni Jesus, nararapat lamang na paglingkuran at tulungan natin ang lahat—maging ang mga estranghero (yung mga naiiba sa atin at hindi natin madalas makasalamuha) at ang mga 'di karapat-dapat (yung mga may pagkakamali laban sa atin at mga tila'y hindi karapat-dapat na kaawaan). Sino ang iilan sa mga estranghero at mga 'di karapat-dapat na mapapakitaan natin ng awa?

3 Magpakita ng pagkaawa sa mga naliligaw.

"Sapagkat ako na Anak ng Tao ay naparito upang hanapin at iligtas ang naliligaw." LUCAS 19:10

Higit pa sa pagtugon sa ating mga pisikal at emosyonal na pangangailangan, naglaan na ng solusyon ang Diyos para sa ating pinakamalaking pangangailangan—ang kaligtasan. Pumarito Siya upang hanapin at iligtas tayo dahil hindi natin maililigtas ang ating mga sarili at kailangan natin Siya. Ngayon natagpuan na tayo, inuutusan tayong ipakita ang pagkaawa ni Kristo sa mga naliligaw. Sino ang mga naliligaw sa atin? Ano ang pinakamainam na paraan upang ipakita ang pagkalinga sa kanila?